Gabay sa pederal na eleksyon

It's Our Vote

Bumisita sa elections.ca para sa opisyal na impormasyong kakailanganin mo para makaboto

1-800-463-6868 / elections.ca / TTY 1-800-361-8935

Elections Canada

Checklist ng botante

Siguraduhing ikaw ay nakarehistro sa iyong kasalukuyang address

Antabayanan ang iyong **voter information card** sa koreo

Magplano para makaboto

Alamin **kung sino ang mga kandidato** sa iyong lugar

Dalhin ang ID sa iyong pagboto

Sa iyong nakatalagang istasyon ng pagboto **sa araw ng eleksyon**

Sa iyong nakatalagang istasyon ng pagboto **sa mga pinatiunang araw ng pagboto**

Sa anumang **tanggapan ng Elections Canada** sa buong Canada (iniaangkop ang mga deadline)

Sa pamamagitan ng koreo: bumisita sa **elections.ca** upang madagdagan ang kaalaman (iniaangkop ang mga deadline)

Ang brochure na ito ay available sa maraming wika sa **elections.ca**.
Para sa iba pang mga format, gaya ng braille, malaking print at DAISY, tumawag sa amin.

Mayroong pederal na eleksyon ngayong taon

Siguraduhing ikaw ay nakarehistro para makakuha ng voter information card



Kung ikaw ay nakarehistro, makakatanggap ng voter information card sa koreo pagkatapos maipatawag ang eleksyon. Sinasabi nito kung saan o kailan ka maaaring bumoto. Dalhin ang card na ito, kasama ang tinatanggap na ID, kapag ikaw ay boboto para mapadali ang proseso ng pagboto.

Kung hindi ka nakatanggap ng card, o kung ang impormasyong nakasulat dito ay mali, ikaw ay maaaring hindi nakarehistro o ang iyong impormasyon sa pagiging botante ay hindi naaayon sa panahon. Bumisita sa **elections.ca** o tumawag sa amin sa **1-800-463-6868** upang tingnan o i-update ang iyong pagpaparehistro. Maaari ka ring magparehistro sa iyong pagpunta para makaboto.

Upang magparehistro at bumoto sa pederal na eleksyon, ikaw ay dapat na:

- maging isang mamamayan ng Canada
- maging hindi bababa sa edad na 18 taon sa araw ng eleksyon
- magpatunay ng iyong pagkakakilanlan at address

Mga paraan ng pagboto

Maaari kang bumoto sa halos anumang oras sa panahon ng eleksyon.
Piliin ang opsyon sa pagboto na pinakamabuti para sa iyo.

1 Sa araw ng eleksyon

Ang iyong itinalagang istasyon sa pagboto ay magbubukas ng 12 oras (ang mga oras ay paiba-iba ayon sa probinsya).

Tingnan ang iyong **voter information card** para sa mga araw ng pagboto, mga lokasyon at oras.

2 Sa mga pinatiunang araw ng pagboto

Ang iyong itinalagang istasyon sa pagboto ay magbubukas mula 9:00 a.m. hanggang 9:00 p.m. sa Biyernes, Sabado, Linggo at Lunes, isang linggo bago ang araw ng eleksyon.

3 Sa anumang tanggapan ng Elections Canada sa buong Canada

Pumunta sa anumang tanggapan ng Elections Canada bago mag-Martes bago ang araw ng eleksyon sa ganap na 6:00 p.m. Ikaw ay boboto gamit ang proseso sa espesyal na balota. Pagkatapos magpatawag ng eleksyon, bumisita sa **elections.ca** o tumawag sa amin para mahanap ang tanggapang pinakamalapit sa iyo.

4 Sa pamamagitan ng koreo

Bumisita sa **elections.ca** o tumawag sa amin para madagdagan ang kaalaman. Iniaangkop ang mga deadline.

ID para makaboto

Mayroon kang tatlong opsyon para mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan at address.

Opsyon 1



Ipakita ang isa sa mga ganitong piraso ng ID

- ang iyong lisensya sa pagmamaneho
- anupamang card na ibinigay ng gobyerno ng Canada (pederal, probinsya/teritoryo o lokal) na may litrato, pangalan at kasalukuyang address mo

o

Opsyon 2

+

Magpakita ng dalawang piraso ng ID

Nakalagay dapat sa dalawang ito ang iyong pangalan at nakalagay sa kahit isa rito ang iyong kasalukuyang address.

Mga Halimbawa:

- voter information card at bank statement
- utility bill at student ID card

Walang ganito? Walang problema!

Mayroon pang ibang mga piraso ng tinatanggap na ID.
Tingnan ang buong listahan sa **elections.ca**

o

Opsyon 3

+

Kung wala kang ID

Maaari ka pa ring bumoto kung ipapahayag mo sa paraang nakasulat ang iyong pagkakakilanlan at address at magsasama ka ng isang taong nakakikilala sa iyo at nakatalaga sa iyong istasyon sa pagboto na kukumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan.

Kailangang mapatunayan ng magkukumpirma ang kanilang pagkakakilanlan at address. Ang isang tao ay maaaring lamang magkumpirma ng isang tao (maliban sa mga institusyon ng pangmatagalang pangangalaga).

Aksesibilid

Ang lahat ng botante ay nakatalaga sa mga istasyon sa pagboto para sa araw ng eleksyon at mga pinatiunang araw ng pagboto. Pagkatapos magpatawag ng eleksyon, siguraduhing ang iyong nakatalagang istasyon sa pagboto ay tumutugon sa iyong mga pangangailangan sa aksesibilidad sa pamamagitan ng:

- pagtingin sa iyong voter information card;
- paglagay ng iyong postal code sa iyong Voter Information Service box sa **elections.ca**; o
- pagtawag sa amin sa **1-800-463-6868** o **1-800-361-8935 (TTY)**.

Kung mayroon kang mga pag-aalala sa aksesibilidad sa iyong nakatalagang istasyon sa pagboto, tumawag sa amin.

Upang patiunang humiling ng tulong sa pagboto, kabilang ang pagsasalin sa wika at sign language, tumawag sa tanggapan ng Elections Canada sa iyong lugar bago sumapit ang Martes bago ang araw ng eleksyon, 6:00 p.m.

Mga tools at serbisyo sa pagtulong sa pagboto sa araw ng eleksyon:

Mas malaking balota na may mga pangalan ng kandidato sa **malaking print**

Mga magnifier (4x)

Malaking-print at **naka-braille na mga listahan** ng mga kandidato

Lapis na may malaking hawakan

Makakapa at naka-braille na template sa pagboto



Tulong sa pagmarka ng ng iyong balota

It's Our Vote